


# PAGTUTURO NG FILIPINO SALIG SA 21ST CENTURY SKILLS

**G. Alvin Ringgo C. Reyes**

Tagapangulo, Kagawaran ng Edukasyong Pangguro

# Mga Layunin

1. Makilala ang kalikasan at mga katangian ng mga mag-aaral sa kasalukuyan
2. Maunawaan ang mga kasanayan ng ika-21 siglong mag-aaral na dapat malinang sa mga estudyante
3. Maunawaan ang iba't ibang dulog sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo

# PAKSA 1: PAGKILALA SA MGA ESTUDYANTENG GENERATION Z



# Malayang Talakayan

**Ano na ba ang uri ng mga estudyanteng mayroon tayo sa kasalukuyan?**

**Panoorin ang sumusunod na video at tukuyin ang mga katangian ng mga mag-aaral ng Generation Z.**

# Limang Katangian ng mga Mag-aaral na Generation Z

1. Social
2. Mobile
3. Global
4. Digital
5. Visual

# MODYUL 2:
# ANG MGA KASANAYAN NG IKA-21 SIGLONG PAGKATUTO





# Pagkilala sa Estudyante ng Ika-21 Siglo



# Sagutin ang mga sumusunod:

1. Ano ba ang sinasabing nine-dash line? Bakit nine?
2. Nakabubuti ba o nakasasama ang pagbaba ng halaga ng piso?
3. Sang-ayon ba kayo sa pagpatay sa mga drug pusher?
4. Kailan pinakatamang kumain ng keso? Ng saging? Ng tsokolate?
5. Bakit hindi kayo dapat kumain ng shark’s fin soup o shark’s fin dumpling?


CHINA
VIETNAM
MYANMAR
LAOS
THAILAND
CAMBODIA
VIETNAM
PHILIPPINES
MALAYSIA
INDONESIA
BRUNEI
MALAYSIA
South China Sea
Gulf of Thailand
Andaman Sea
Sulu Sea
Paracel Islands
Spratly Islands
Scarborough Shoal
Nine-Dash Line
Vietnam
China
Philippines
Brunei
Indonesia
Malaysia
Sovereignty disputes
Territory claimed by each country
Possible oil reserves


Investors
pool their money with
Fund Manager
Invest in
Securities
Generates
Returns
passed back to


DRUG LORD AKO.
CHINESE


CHEESE
BEST TIME TO EAT
EARLY MORNING
For vegetarians, cheese is an excellent substitute for meat. If eaten in moderation, it can prevent weight gain and bloating.
WORST TIME TO EAT
NIGHT
Being heavy to digest, it can lead to indigestion and fat again..


BANANA
BEST TIME TO EAT
NOON
Highly fibrous, banana helps in digestion. Moreover, bananas work as natural antacid and soothe heartburn.
WORST TIME TO EAT
NIGHT
Eating banana at night can lead to mucus formation and cold. Eating it on an empty stomach can upset the stomach since it's a rich source of magnesium.


DARK CHOCOLATE
√ BREAKFAST
Eating a few pieces of dark chocolate for breakfast will provide your body with antioxidants which reduce aging and are good for your heart.
X SNACK TIME
If you eat more than 0.8oz (25g) of dark chocolate per day, your body starts turning the excess into fat deposits.


COURTESY GARY STOKES


# 1. Mga Pangunahing Asignatura at mga Tema ng Ika-21 Siglo

Ang masteri ng pangunahing mga asignatura at ng mga tema ng ika-21 siglo ang susi sa tagumpay ng mga estudyante. Ilan sa mga pangunahing asignatura ang English, pagbasa at pagsulat, mga wika ng daigdig, sining, matematika, ekonomiks, agham, heograpiya, kasaysayan, at ang gobyerno at sibika.

Source: www.p21.org

# 1. Mga Pangunahing Asignatura at mga Tema ng Ika-21 Siglo

Dagdag pa rito, dapat ding isulong ng mga paaralan ang mas mataas na pag-unawa sa nilalamang akademiko sa pagpapasok ng sumusunod na mga temang pang-ika-21 siglo sa mga pangunahing asignatura:

- Kamalayang pandaigdig
- Kaalamang pinansiyal, ekonomiko, pangkalakalan, at pangnegosyo
- Kaalamang sibiko
- Kaalamang pangkalusugan
- Kaalamang pangkapaligiran o pangkalikasan

Source: www.p21.org

## Tuklas-Galing

Ikaw ay mamamayan sa isang bayan o bansa na matagal nang nililigalig ng karahasan. Buong buhay ninyo ay takbo na lamang kayo nang takbo upang iligtas ang inyong mga sarili sa gitna ng naggigiriang mga puwersa. Naisipan mong humanap ng lunas sa digmaan sa munti mong paraan at mangarap ng isang mas magandang bukas para sa iyong mga anak at sa mga susunod na salinlahi. Susulat ka ng isang liham para sa Secretary General ng United Nations upang iparating ang kalagayan ng inyong bayan o bansa at hilingin ang panghimasok ng internasyonal na komunidad sa pagtataguyod ng kapayapaan. Gagamitan mo ang liham ng mga pandiwang may iba't ibang kaganapan. Titiyakin mo rin ang pagsunod sa takdang estilo ng isang liham-pangalakal. Tatayain ang liham ayon sa kabuluhan ng nilalaman, lohikal na pagkakasunod-sunod ng mga kaisipan, pagsunod sa takdang estilo, kasapatan ng ginamit na mga pandiwang may iba't ibang kaganapan, at kawastuang panggramatika.

Panoorin ang sumusunod na video tungkol sa paggawa ng tulay. Obserbahan ang katangian ng mga estudyante.

# 2. Mga Kasanayan sa Pagkatuto at Inobasyon

Ang mga kasanayan sa pagkatuto at inobasyon ang naghihiwalay sa mga estudyanteng handa sa nagiging mas masalimuot na buhay at pook-paggawa at sa mga estudyanteng hindi. Kabilang sa mga kasanayang ito ang:

- Pagkamalikhain at inobasyon
- Mapanuring pag-iisip at paglutas ng mga suliranin
- Komunikasyon
- Kolaborasyon

Source: www.p21.org

C. Isa kang batang siyentipiko. Nag-iisip ka ng mga proyektong magiging kapaki-pakinabang sa tao at bagama't gumagamit ng teknolohiya ay hindi nakasisira sa kalikasan (*Hal: solar panels* na magbibigay ng koryente sa mga nayon). Mag-imbento ng isang gamit na magtataglay ng mga nasabing katangian. Iguhit ito sa isang maikling *bond paper* at lakipan ng masusing paliwanag. Tatayain ang produkto ayon sa pagiging orihinal nito, pagiging realistiko, potensiyal na pakinabang sa tao, pagsasaalang-alang sa kalikasan, at kalinawan ng paliwanag.

# Paano maghahanda ng Bibliyograpiya gamit ang Reference Tab ng MS Word?

# 3. Mga Kasanayang Pang-impormasyon, Pangmedia, at Panteknolohiya

Sa kasalukuyan, nabubuhay tayo sa isang kapaligirang pinakikilos ng teknolohiya at media, na makikita sa malayang akses sa napakayamang impormasyon, mabilis na pagbabago sa mga kagamitang panteknolohiya, at kakayahang makipagtulungan sa iba't ibang pangkat at magbigay ng sariling ambag sa isang gawain.

Source:
www.p21.org

# 3. Mga Kasanayang Pang-impormasyon, Pangmedia, at Panteknolohiya

Ang epektibong mga mamamayan at manggagawa ay dapat makapagpamalas ng iba't ibang mga kasanayang kapaki-pakinabang at kritikal, gaya ng:

- Kaalaman sa Impormasyon
- Kaalaman sa Media
- Kaalaman sa ICT (Information, Communications, and Technology)

Source: www.p21.org

# Alin sa dalawa ang gumagamit ng teknolohiya?





# Paggamit ng Teknolohiya vs. Integrasyon ng Teknolohiya

# Paggamit ng Teknolohiya vs. Integrasyon ng Teknolohiya


| Paggamit ng Teknolohiya | Integrasyon ng Teknolohiya |
|---|---|
| Ang guro ang mas gumagamit | Ang estudyante ang mas gumagamit |
| Ginagamit upang makapagturo o makapaghatid ng aralin | Ginagamit sa kolaborasyon, paglikha at komunikasyon, at mapanuring pag-iisip |
| May kaunti o walang interaksiyon sa mga estudyante | May mayamang interaksiyon sa mga estudyante sa pamamagitan ng teknolohiya |
| Sumasabay sa mga gawaing pampagkatuto | Mahalaga sa gawaing pampagkatuto |

Source: Marion Jude Gorospe, MaEd

Ang integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo at pagkatuto ay ang **pagpapasok ng mga pinagkukunang panteknolohiya** at **pagpapaloob ng mga gawing nakabatay sa teknolohiya.**




# INTEGRASYON NG TEKNOLOHIYA GAMIT ANG REVISED DIGITAL BLOOM'S TAXONOMY (ANDERSON)



# ANG SULIRANIN


Mababang integrasyon ng makabagong teknolohiya sa pagtuturo




"There aren't any icons to click. It's a chalk board."

# ANG SOLUSYON


**Magkaroon ng integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo sa pamamagitan ng iba't ibang dulog at estratehiya**




"How can I trust your information when you're using such outdated technology?"


# Estratehiya 1: Flipped Classroom

- Sa bahay nanonood o nakikinig ng lektura ang mga estudyante at inilalaan ang klase sa aktuwal na mga gawain na magpapatibay ng pagkatuto. Panoorin ang video.




# Estratehiya 2: Game-Based Learning


- Pagtuturong sinasamahan ng larong online upang lalong maengganyo ang mga estudyante o mabigyan ng naiibang paglalapat ang araling tinatalakay.



# Estratehiya 3: Podcasts / Audio Recording



# Dulog 1: Moelong TPACK



# Modelong TPACK

Content Knowledge: Kaalaman sa paksang-aralin

Pedagogical Knowledge: Kaalaman sa angkop na dulog o estratehiya sa pagtuturo

Technological Knowledge: Kaalaman sa angkop na teknolohiyang dapat gamitin sa pagtuturo

# Modelong TPACK


Content Knowledge: Aspekto ng Pandiwa

Pedagogical Knowledge: Paraang Deduktibo (Ituturo ang alituntunin na susundan ng mga halimbawa at gawain)

Technological Knowledge: Flipped Classroom

**TPACK: Pagtuturo ng pandiwa gamit ang Flipped classroom sa paraang deduktibo**

# Dulog 2: SAMR Model (Puentedura)



# Modelong SAMR

**Aralin: Mga Tsanel ng Di-Berbal na Komunikasyon**

***Orihinal na Gawain: Isa-isahin ang mga tsanel ng di-berbal na komunikasyon at magbigay ng halimbawa sa bawat isa.***

- **Substitution**: Gumawa ng Prezi presentation na nagpapakilala sa mga tsanel ng di-berbal na komunikasyon na may halimbawa sa bawat isa.
- **Augmentation**: Gumawa ng Prezi presentation na nagpapakilala sa mga tsanel ng di-berbal na komunikasyon at video clip na nagpapakita ng mga halimbawa.

# Modelong SAMR

- **Modification**: Gumawa ng video na nagpapakita ng iba't ibang gamit ng mga tsanel ng di-berbal na komunikasyon. Tukuyin ang mga ito at ipaliwanag ang posibleng kahulugan ng bawat tsanel
- **Redefinition**: Gumawa ng video ng mga dapat at hindi dapat iasal sa isang interbyu na may tuon sa mga tsanel ng di-berbal na komunikasyon.

B. Isa kang Pilipinong manunulat. Dahil sa pagbuhay sa pagsulat ng dagli bunsod ng popularisasyon ng *social media*, naisip mong mag-ambag dito sa pagsulat ng isang orihinal na dagli. Sumulat ng isang dagli na nagsasaalang-alang sa mga katangiang tinalakay. Gamitan din ito ng wikang kolokyal upang magkaroon ng higit na dating sa mga mambabasa sa kasalukuyan. I-*upload* ang akda sa *blogsite* o sa pamamagitan ng Facebook *note*. Tatayain ang awtput ayon sa kabuluhan ng kuwento, pagsunod sa mga pamantayan ng isang dagli, paggamit ng wikang kolokyal, at dating sa mga mambabasa.

## Think-Pair-Share

Paano mo binabalanse ang buhay pamilya at buhay-propesyonal?

Source: www.p21.org

# 4. Mga Kasanayan sa Buhay at Trabaho

Kasama sa mahahalagang kasanayan sa buhay at trabaho ng P21 ang mga sumusunod:


- Kakayahang Makiangkop at Makibagay
- Pagkakaroon ng Inisyatiba at Kakayahang Itakda ang Sariling Direksiyon
- Mga Kasanayan sa Pakikipagkapuwa at Pakikipag-ugnayan sa Iba't Ibang Kultura
- Pagiging Produktibo at Pagkakaroon ng Pananagutan
- Pamumuno at Pagiging Responsable

Source: www.p21.org

## Tuklas-Galing

A. Isa kang *motivational speaker.* Sa pagdiriwang ng *Career Orientation Day* sa inyong dating paaralan, naanyayahan kang magbigay ng talumpati tungkol sa kahalagahan ng edukasyon sa pagkakamit ng ambisyon o pangarap sa buhay. Inaasahan na sa pamamagitan ng iyong talumpati ay mahihikayat mo ang kabataang na pahalagahan ang edukasyon sa pamamagitan ng pag-aaral nang mabuti. Inaasahang ang talumpati mo ay maging malaman, organisado, mabisa, at tunay na nakapanghihikayat.

# Framework para sa Pagkatuto sa Ika-21 Siglo



# K to 12 classifications of the 21st Century Skills




Figure 6. The K to 12 Graduate

# Worksyap

- Bumuo ng isang pangkat na may limang kasapi. Gumawa ng isang performance task na may tuon sa isang partikular na kasanayan sa pagkatuto sa ika-21 siglo.

**"Ang pagtuturo sa panahon ng Internet ay nangangahulugang kailangan nating ituro ngayon ang mga kasanayang kailangan bukas."**

**– Jennifer Fleming**